
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 9: Gamit ng mga Panghalip




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 9: Gamit ng mga Panghalip**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maribel M. Baltar/Sheryl A. Luces
**Editor:** Francisca L. Pinos/Abadesa D. Sabordo/ Ellen Duka- Tatel
**Tagasuri:** Marijo N. Panuncio/Marissa A. Olilang
Ma. Gemma A. Bimbao
Celestino S. Dalumpines IV
**Tagaguhit:** Rolan B. Bulaclac/Jonard A. Villarde/ Swelyn E. Forro
**Tagalapat:** Esmeralda A. Dagmil/Edwin C. Salanatin
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Salvador O. Ochavo, Jr.
Elena P. Gonzaga
Jerry A. Oquindo
Segundina F. Dollete
Shirley A. De Juan
Merlie J. Rubio

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 9: Gamit ng mga Panghalip

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Gamit ng mga Panghalip.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Gamit ng mga Panghalip.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ngisang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upangmapagtibayang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulatang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawainsa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



**Pagbati** sa iyo mabait naming mag-aaral! Ako si Kokoy ang makakasama mo sa paglalakbay. Ngayon, bagong aralin naman ang inyong matutuhan sa araw na ito. Hinihikayat kitang makagagawa ng may masayahing damdamin sa mga gawin. Ang modyul na ito ay isinulat para sa karagdagang kaalaman ng iyong isipan. Ito ay makatutulong sa iyo upang lalong madagdagan ang matalas mong katalinuhan sa paggamit ng panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. Hinihikayat kong malinang ang iyong kakayahan at interes sa modyul na ito.

Pagkatapos ng iyong pag-aaral ikaw ay inaasahang:

- nakakikilala at nakagagamit ng panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon;
- nagagamit ng wasto ang panghalip na panao, paari, pananong, pamatlig, pamaklaw sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon; at
- nakikilala at nagagamit ang kaukulan ng panghalip panao sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. (F6WG-la-d-2)

## *Subukin*

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at piliin ang panghalip na ginamit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang aking pangalan ay si Mary Joy.
2. Mahalin natin ang wikang Filipino.
3. Ito ang paboritong pagkain ng bata.
4. Hayun sa sanga ng kahoy ang pugad ng ibon.
5. Ganito ang paghalo ng ginataang kamoteng kendi.
6. Dito dumaan ang prusisyon ng Mahal na Birhen.
7. Doon sa kabilang kalye nakatira ang mga turista.
8. Sinuman sa inyo ay puwedeng tanghaling kampeon.
9. Paborito nilang pitasin ang mga bunga ng punong bayabas.
10. Sinikap namin na mapaganda ang ibinigay na gawaing proyekto ni Gng. Reyes.

| Aralin 1 | Gamit ng mga Panghalip |
|---|---|



Sa araling ito ay makikilala at magagamit mo ang iba't ibang uri ng panghalip sa iba't ibang sitwasyon. Unawain mo ang bagong aralin.

## *Balikan*

**Panuto:** Punan ang patlang ng wastong panghalip at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. ___________ ang matalik kong kaibigan.
2. ___________ ang tamang paghiwa ng karne.
3. ___________ dako ng mundo ay may mga Pilipino.
4. ___________ sa dalawang bag ang nagustuhan mo?
5. ___________ ba katagal ang biyahe papunta sa lugar niyo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ganito | Siya | Saanman | Gaano | Alin |

## Tuklasin



**K**aibigan! Ipabasa mo nga sa iyong magulang o nakatatandang kapatid ang sanaysay habang ito ay pinapakinggan mo. Unawaing mabuti ang napakinggang diyalogo. Pagkatapos sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Simulan mo na!



**Magtanim Tayo**

Oras ng asignaturang Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Nasa loob sila ng silid-aralan. Ganito ang sinabi ng guro nila.


“Mga bata sino-sino sa inyo ang marunong magtanim? Ngayong araw ay tuturuan ko kayong magtanim at kung paano alagaan ang mga ito. Doon sa bakanteng lupa sa likod ng ating silid-aralan gagawa tayo ng Gulayan sa Paaralan. Dapat ninyong tandaan kailangang mag-ingat sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagtatanim.”

Dinala ng guro sa halamanan ang mga bata. Itinuro niya ang wastong lupa na tataniman ng iba’t ibang uri ng gulay. “Dito kayo magbubungkal ng lupa na siya ninyong tataniman. Bawat isa sa inyo ay bibigyan ko ng sariling lugar. Ipinakita ng guro ang paggawa, “Ganito ang pagbubungkal ng lupa.” Agad na sinunod ng mga bata. “Ganiyan nga ang wastong pagbungkal ng lupa,” ang sabi ng guro. Lahat ng mga mag-aaral ay masasayang nagtutulungan sa ginagawa nila. Handa na ang taniman at nagsimula na silang magtanim ng iba’t ibang gulay.

Mga Tanong:

1. Saan dinala ng guro ang mga mag-aaral?
2. Sa anong asignatura kaugnay ang pagtatanim?
3. Sa iyong palagay, ano ang nararamdaman ng mga mag-aaral habang ginagawa ang kanilang gawain?
4. Ano-anong panghalip ang ginamit sa kuwento?
5. Kilalanin kung anong uri ng mga panghalip ang ginamit?

## *Suriin*



**M**ay mga salitang ginamit na panghalili o pamalit sa ngalan ng tao, gaya ng *tayo, kayo, nila, ko, niya, inyong, kanila, sila at ninyo. Ang tawag sa mga panghalip na ito ay* ***panghalip panao.***

Mayroon ding iba pang panghalip na panturo sa lugar o bagay na malayo o malapit sa nagsasalita gaya ng *dito, doon, hayun, at hayan. Ito naman ay mga* ***panghalip na pamatlig****.*

Sa paghalintulad naman sa paggawa ng mga bagay-bagay ang ginagamit na salita na nabanggit ay *ganito at ganiyan.*


*Ang mga panghalip na nabanggit ay tinatawag na* ***panghalip napatulad.***

May iba pang panghalip na nabanggit sa sanaysay gaya ng salitang *lahat at bawat isa. Ito ay nagsasad ng dami o kalahatan. Ang tawag dito ay mga* ***panghalip na panaklaw****.*

*Sa pagtatanong naman gumagamit tayo ng mga* ***panghalip na pananong tulad ng;***

**Ito ay panghalip na pananong.**

| ***Isahan*** | ***Maramihan*** |
|---|---|
| *Ano* | *Ano-ano* |
| *Sino* | *Sino- sino* |
| *Saan* | *Saan-saan* |
| *Alin* | *Alin-alin* |
| *Kanino* | *Kani-kanino* |
| *Ilan* | *Ilan-ilan* |




## ***Pagyamanin***

**M**agaling kaibigan! Ngayon ay naunawaan mo na ba ang bago mong aralin? Alamin natin kung kaya mo ng sagutin ang sumusunod na mga gawain. Handa ka na ba?



**Gawain 1**

**Basahin ang talata.**



Si Lina ay nakatira sa isang nayon. Siya ay batang ubod ng sipag at gumagawa ng mga gawaing bahay araw-araw tulad ng paglalaba, paglilinis, paghuhugas ng pinggan at pagluluto. Doon sa kanilang nayon ay marami ang humahanga sa kasipagan niya. Madalas siyang pinupuri at hinahangaan dahil sa kaniyang magandang pag-uugali. Kaya't mahal na mahal siya ng lahat ng kaniyang mga kanayon.

**Panuto:** Punan ng panghalip ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. _________ ang batang ubod ng sipag.
2. _________ ba ay may ugaling masipag tulad ni Lina?
3. _________ sa lugar nila ay marami ang humahanga sa kaniya.
4. Ang _________ginagawa ay paglalaba, paglilinis, pagluluto at paghuhugas ng pinggan.
5. Dahil sa kasipagan ni Lina minahal siya ng _________________ mga kanayon.

| Ikaw | Doon | lahat | kaniyang | Siya |
|---|---|---|---|---|

**Gawain 2**

**Panuto:** Piliin sa loob ng panaklong ang panghalip na angkop gamitin sa sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. (**Sinuman, Bawat isa**) sa aming panauhin ay kaibigan ng kuya ko.
2. Ang pagmamahal ng mga ilaw ng tahanan ay walang **(sinuman, anuman**) ang makakapantay.
3. Ipinapakita ni Ana ang isang bagay sa kaibigang si Maris. Ano ang sasabihin niya? (**Ganito, Ganiyan**) ba ang gusto mo Maris?" "Opo (**ganito, ganiyan**) nga ang gusto ko," sabi ni Ana.

4. Ipinakita ng nanay ang wastong paraan ng pagluluto ng binating itlog. Ano ang sasabihin niya? “(**Ganito, Ganiyan**) ang pagbati ng itlog,” paliwanag ng nanay. “(**Ganito, Ganiyan**) ba ang tamang paghawak ng tinidor?” tanong ng anak.
5. Matatalino ang lahat na mga anak nina Mang Jimmy at Aling Sabel. (**Lahat, Bawat isa**) sila ay mga lalaki.

**Gawain 3**

Panuto: Kilalanin kung anong uri ng panghalip ang salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Alin ang mas gusto mo, tsiko o atis?
2. Ganito ang wastong pagsulat ng titik M.
3. Doon tumakbo sa ilalim ng mesa ang pusa.
4. Ang madla ay pumalakpak sa mabilis na pagtakbo ni Jose.
5. Kumain ng masarap na suman ang panauhin namin sa bahay.



## *Isaisip*

**M**agaling ka bata! Nagkaroon ka na ba nang malinaw na pag-unawa ang iyong isipan sa mga natapos na mga gawain?



**N**gayon ibigay mo ang iyong nalalaman sa mga katanungan para sa pangkalahatang aralin sa modyul na ito.



**Tandaan**

Ano ang kahulugan ng ***panghalip***?

Magbigay ng halimbawa ng mga panghalip.

Ano-ano ang iba't ibang ***uri ng panghalip***?

Magbigay ng mga halimbawa sa bawat uri ng panghalip.

**N**akuha mo rin bata! Nakadagdag naman sa iyong katalinuhan ang iyong mga kasagutan.



## *Isagawa*

**Panuto**: Basahin ang usapan ng magkaibigang Peter at Marvin. Piliin ang mga panghalip at isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Ang Larong Balibol**

**Marvin:** Kumusta, Peter? Saan ka pupunta?

**Peter:** May insayo kami ng mga kalaro ko sa plasa ng balibol. Gusto mobang sumali sa koponan namin?

**Marvin:** Gustong-gusto ko rin ang larong balibol, puwede mo ba akong tulungan na sumali?

**Peter:** Aba! Oo, sige, sasabihan ko ang aming coach na isasali ka. Ipaalam ko agad sa iyo ang resulta ng aming pag-uusap.

**Marvin:** Salamat sa iyo, Peter. Sana makapasok din ako sa inyong koponan.

# *Tayahin*

**Panuto:** Punan ng wastong panghalip ang mga patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Hanapin sa loob ng kahon sa ibaba ang sagot at isulat sa sagutang papel.

**Ang Tanyag na Gilas Pilipinas**

Sa bansang Korea ginanap ang Asian Games 2018. __(1)__ ay nagtagpo-tagpo ang iba't ibang kalahok at isa na __(2)__ ang bansang Pilipinas. "Sana masungkit __(3)__ ang unang lugar," wika ng isang manlalarong halatang may malaking kumpiyansa sa sarili. Makikitaan ang __(4)__ magigiting at matatapang na mga manlalaro ng lakas at tibay ng loob sa pakikipaglaban.

"Kailangang may sapat na pagtutulungan __(5)__ sa isa't isa at tiwala sa sarili," sigaw ng mga manlalaro ng Grupong Gilas.

__(6)__ nga ba ang makalilimot sa pangyayaring __(7)__. Bilang Pilipino maipagmamalaki __(8)__ ba ang Gilas Pilipinas? __(9)__ pa kaya sa mga Pilipino ang gustong mapabilang sa Gilas Pilipinas? __(10)__bata gusto mo bang sumali sa pangkat nila?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **rito** | **ating** | **sino** | **mo** | **natin** |
| **Doon** | **ito** | **Sino-sino** | **Ikaw** | **tayo** |

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na panghalip.

1. ano
2. ganiyan
3. diyan
4. saanman
5. tayo

# *Susi sa Pagwawasto*

## Aralin 1

**Subukin**

1. aking
2. natin
3. Ito
4. Hayun
5. ganito
6. Dito
7. Doon
8. Sinuman, inyo
9. nilang
10. namin

**BALIKAN**

1. siya
2. ganito
3. saanman
4. alin
5. gaano

**TUKLASIN**

1. Sa halamanan
2. Edukasyong Pantahan at Pangkabuhayan
3. Masaya ang mga bata

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. Siya
2. Ikaw
3. Doon
4. Kaniyang
5. Lahat

**Gawain 2**

1. Bawat isa
2. Sinuman
3. Ganito, ganiyan
4. Ganito, ganiyan
5. Lahat, Pawang

**Gawain 3**

1. pananong
2. patulad
3. pamatlig
4. panaklaw
5. panao

**ISAGAWA**

1. Saan
2. kami
3. mo
4. naming
5. ko
6. akong
7. ka
8. iyo
9. aming
10. inyong

**TAYAHIN**

1. Doon
2. rito
3. natin
4. ating
5. tayo
6. sino
7. ito
8. mo
9. Sino-sino
10. Ikaw

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. Ano ang pangalan?
2. Ganyan nga ang paghalo ng minatamis na ube
3. Diyan niya nilagay ang bag ko
4. Hahanapin kita saanmang dako ng mundo
5. Tayo ay mga Pilipino.

## Alamin



Kumusta ka? Binabati kita sa patuloy mong pagpupunyagi upang matuto. Sana ay lalo ka pang magsikap at magpatuloy.

Sa mga nakaraang aralin mo, natutuhan mo ang tungkol sa mga panghalip panao. Ang araling ito ay may kaugnayan sa panghalip panao dahil matututuhan mo ngayon ang pagkilala at paggamit sa kaukulan ng panghalip panao.

## Subukin


**Panuto:** Subukin natin ang kakayahan mo. Kilalanin ang kaukulan ng panghalip panaong sinalungguhitan. Isulat kung palagyo, paari o palayon.

1. Ikaw ba ang bagong kaklase namin?
2. Iniwan ng magkaibigan ang mga laruan nila.
3. Umalis siya kasama ang aming mga kaibigan.
4. Tayo ay sama-sama sa pag-aayos ng ating paligid.
5. Kami ay lumakad upang bumili ng pagkain para sa kaniya.
6. Ang kabataan ay tumutulong sa paglilinis ng kanilang barangay.
7. Si Jose ay sinasamahan ko upang mapadali ang kaniyang nilalakad.
8. Bumili ng bagong sasakyan si Rudy para sa kaniyang mga magulang.
9. Sila ay nagpaalam sa guro saka nila tinawag ang mga batang kasama nila.
10. Ang iyong kapatid sa lalawigan ay ipinatawag niya para magtrabaho sa pagawaann aming.

# Aralin 2 Kaukulan ng Panghalip Panao

**N**apakahalaga ang wastong gamit ng mga panghalip sa pagbasa ng pangungusap. Iba't iba ang uri nito. Ngayon ay mapag-aaralan mo ang isa sa mga ito, ang panghalip na panao at ang mga kaukulan nito.





## *Balikan*

**Panuto:** Palitan ng angkop na panghalip panao ang mga pangngalang may salungguhit.

1. Sina <u>Donna, Allen at Riza</u> ay sasama sa paligsahan sa pagguhit. ________________ ay gagamit ng krayola at pintura.
2. Si <u>Marlon at ako</u> ay sasali sa pag-awit. ________ang kalahok ng aming paaralan.
3. Si <u>Andrew</u> naman ay kalahok sa pagtula. ________________ ay bibigkas ng tulang pambata.
4. Ang aming <u>mga kaklase</u> ay manonood sa amin. ________________ ay susuporta sa aming lahat.
5. Pagkatapos ng paligsahan, <u>ako at ang aking mga kaklase</u> ay pupunta sa restoran. Doon ________________ kakain ng meryenda.

## *Tuklasin*

Tingnan ang iyong sarili. Ano ang napapansin mo? Sa iyong palagay, ano ang dahilan ng iyong paglaki? Basahin ang sanaysay nang iyong malaman ang dahilan ng iyong paglaki.



### Kumakain Ka ba nang Tama?

Ano-ano ba ang iyong kinakain? Kumakain ka ba ng masusustansyang pagkain? Masdan mo siya. Masdan mo rin ang iba pang katulad mo. Magkatulad ba kayo? Walang taong magkakatulad kahit pa nga ang mga kambal ay may pagkakaiba rin.

Simula ng ikaw ay isilang hanggang sa iyong pagtanda, dumadaan ka sa proseso ng pagbabago. Ito ay dumedepende sa klase ng pag-aaruga ng iyong mga magulang. Sanggol pa lamang ay nag-iisip na ang iyong mga magulang ng wasto, sapat na pag-aalaga at pagmamahal. Simula sa gatas ng iyong ina, hanggang sa pagkain na kanilang ihahain sa iyo hanggang sa iyong paglaki. Malaki ang papel ng mga magulang mo sa kung ano ka ngayon. Sila ang nagpaplano ng pagkain sa araw-araw at nagpapakain sa inyo. Ngunit nasa inyo pa rin ang desisyon kung kakainin ninyo ang inihahain nila sa bawat araw.

Kung magaan ang inyong pakiramdam, magagawa ninyo nang mabuti ang mga gawain. Marahil kinakain ninyo ang tamang pagkaing inihahain sa inyo.

Ang pagkain ay mahalaga. Nagkukumpuni ito ng mga tisyu, nagsasaayos ito ng katawan, at nagbibigay ng lakas upang may panlaban sa sakit. Ang mga masusustansyang pagkain na iyong kinakain ay bunga ng kung ano ka ngayon, ang pagiging malusog sa isip at pangangatawan.

Tanungin mo ang iyong sarili, kumakain ka ba nang tama?



**B**asahin mo nga ang mga pangungusap. Pansinin ang mga sinalungguhitang salita.

1. Sila ang nagpaplano ng pagkain sa araw-araw.
2. Malaki ang papel ng mga magulang mo.
3. Kinakain ninyo ang tamang pagkaing inihahain sa inyo.

Ang salitang may salungguhit ay tinatawag na **panghalip panao**. Ito ay ginagamit na panghalili sa ngalan ng tao.

1. Sa unang pangungusap, ang ginamit na panghalip ay **tayo**. Ito ay nasa kaukulang **palagyo** dahil ginamit na pamalit sa pangalan ng taong gumagawa ng gawa o paksa ng pangungusap.
2. Sa ikalawang pangungusap, ang **ninyo** ang panghalip nasa kaukulang **paari** Dahil ginamit na pamalit sa pangalan ng taong nag-aari o pinaglalaanan ng gawa.
3. Sa ikatlong pangungusap, ang panghalip na **iyo** ay nasa kaukulang **palayon** dahil ginagamit na layon ng pang-ukol. **Sa** ang pananda sa layon at ang **para sa** ay pananda sa pinaglalaanan.

**N**ahirapan ka ba? Huwag mag-alala. Magpatuloy lamang at tiyak, makukuha mo rin ang tamang sagot.

## ***Suriin***

**Panuto:** Tukuyin kung anong kaukulan ng panghalip ang sinalungguhitan. Isulat ang **PG** kung ang panghalip ay palagyo, **PA** kung paari at **PL** kung palayon.

1. Di ba kahit kayo'y magkapatid nagkakaiba rin <u>kayo</u>?
2. Nilinis ba <u>ninyo</u> ang mga nakaatang ang mga karton?
3. Ang pagkain ay may epekto rin sa <u>inyong</u> lakas at paglaban sa sakit.
4. <u>Ikaw</u> pa rin ang batang isinilang na iyon na inaalagaan ng mahal mong magulang.
5. Idagdag natin dito ang mga natutuhan mo, ang <u>iyong</u> pakiramdam at ang kaya mong gawin.

## ***Pagyamanin***

**Pagsasanay 1**

Panuto**:** Isulat ang buong pangungusap sa sagutang papel at salungguhitan mo ang mga panghalip panao. Tukuyin kung palagyo, paari o palayon.

1. Bumili kami ng mga aklat.
2. Para sa akin ang sulat na ito.
3. Galing sa kanila ang mga punla.
4. Nagsisisi ang bata sa kaniyang mga ginawa.
5. Tayo ay mag-impok upang may madukot.

**Pagsasanay 2**

Panuto: Buoin ang pangungusap gamit ang mga kaukulan ng panghalip. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Umalis ang tatay (akin, ikaw, ko) noong nakaraang Sabado.
2. (Akin, Ako, Ka) ay tumutulong sa paglilinis ng aming paaralan.
3. (Tayo, Ninyo, Kanila) ay magpapakita ng ating galing sa pagsayaw.
4. Pinuntahan (nila, kami, kaniya) ang bahay bakasyunan sa Camp Peralta.
5. Iniwan ni Aling Belen ang (kanilang, silang, nilang) mga gamit sa tindahan.

**Pagsasanay 3**

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na panghalip panao ayon sa kaukulan nito. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. kami (Palagyo)
2. akin (Palayon)
3. kanila (Paari)
4. ko (Palagyo)
5. namin (Paari)

## *Isaisip*

Ano ang panghalip panao? Ano-ano ang tatlong kaukulan nito? Kailan mo masasabing ang panghalip ay nasa kaukulang palagyo? Paari? Palayon?



Ang **panghalip panao** ay mga salitang panghalili sa ngalan ng tao.
Ang panghalip panao ay may tatlong kaukulan.

1. **Palagyo** – kung ito'y pamalit sa pangalan ng taong gumagawa ng gawa o paksa ng pangungusap
   Halimbawa:
   **ako, ikaw, siya, tayo, sila, kayo, kami**
2. **Paari** – kung ito'y pamalit sa pangalan ng taong nag-aari o pinaglalaanan ng gawa
   Halimbawa:
   **akin, ko, natin, kanila, niya, iyo, mo, namin, atbp.**
3. **Palayon**- kung ginagamit na layon ng pang-ukol. **Sa** ang pananda sa layon at ang **para sa** ay pananda sa pinaglalaanan.

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang **PG** kung ang sinalungguhitang panghalip ay palagyo, **PA** kung paari at **PY** kung palayon.

_____1. Siya ay maraming ginagawang proyekto.


_____2. Masaya kami sa kinalabasan ng patimpalak.

_____3. Para sa kanila ang ipinagawang bagong bahay.

_____4. Ang kaniyang kalusugan ay mahalaga sa kaniya.

_____5. Huwag nating kalimutan ang kabayanihan ng ating magigiting na ninuno.

## *Tayahin*



**N**abatid mo na ang tungkol sa kaukulan ng panghalip panao. Ngayon ay handa ka na para sagutin ang sumusunod.

## Pagsasanay 1

**Panuto**: Kilalanin ang kaukulan ng panghalip na may salungguhit kung palagyo, paari o palayon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Kami ang unang dumating sa paaralan.
2. Para sa kanila ang mga santol na pinitas ko.
3. Maagap siya sa kaniyang mga takdang-aralin.
4. Gahol na tayo sa panahon para matapos ang proyekto.
5. Matalinhaga ang mga pahayag ng aking lolo sa kaniyang sulat kay lola.

## Pagsasanay 2

**Panuto:** Suriin kung anong kaukulan ng panghalip panao ang ginamit sa bawat pangungusap.

1. Sila ay magsisimba.
2. Naiwala ni Belen ang bolpen ko.
3. Ako ay mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Dumalag.
4. Ang bagong damit ay bigay sa kaniya ng kaniyang nanay.
5. Iniwan ng magkapatid ang kanilang bahay na walang katao-tao.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Punan ng angkop na panghalip palagyo, paari o palayon ang patlang. Piliin ang tamang sagot mula sa kahon sa ibaba.

1. Makibahagi ____________________ sa proyekto ng ating pangkat.
2. Ngayon lang ____________________ nakakita ng ganito.
3. Sila ay bumili ng damit na ihahandog sa ____________________.
4. Ipinagdidiriwang ____________________ sa Pilipinas ang Pasko.
5. ____________________ ba ang matalik niyang kaibigan?

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Ikaw** | **ako** | **nila** | **ka** | **natin** | **atin** | **sila** |

# *Susi sa Pagwawasto*

# Aralin 2

**SUBUKIN**

1. Palagyo
2. Paari
3. Palagyo
4. Palagyo
5. Palayon
6. Paari
7. Paari
8. Palayon
9. Palagyo
10. Paari

**BALIKAN**

1. Sila
2. Kami
3. Siya
4. Sila
5. kami

**SURIIN**

1. PG
2. PL
3. PA
4. PG
5. PA

**PAGYAMANIN**

**Pagsasanay 1**

1. Bumili kami ng mga aklat. Palagyo
2. Para sa akin ang sulat na ito. Palayon
3. Galing sa kanila ang mga tuta. Palayon
4. Nagsisisi ang bata sa kanyang mga ginawa. Palayon
5. Tayo ay mag-impok upang may madukot ako. Palagyo

**Pagsasanay 2**

1. ko
2. Ako
3. Tayo

**Pagsasanay 3**

Tala: (Pagbuo ng mga pangungusap gamit ang panghalip panao)

**ISAGAWA**

1. PG
2. PG
3. PY
4. PY
5. PA

**TAYAHIN**

Pagsasanay 1

1. Paari
2. Palayon
3. Palayon
4. Palagyo
5. Palagyo

Pagsasanay 2


1. Palagyo
2. Paari
3. Palagyo
4. Palayon
5. Paari

**KARAGDAGANG GAWAIN**

1. ako
2. ikaw
3. atin
4. natin
5. ka

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6WG-la-d-2, p.221
- K to 12 Curriculum Guide in Filipino 2016 F6WG-Ia-d-2, p.119
- LR Portal

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph